An AIChE Technology Alliance
CCPS Center for Chemical Process Safety
www.aiche.org/ccps

Process Safety Beacon

http://www.aiche.org/CCPS/Publications/Beacon/index.aspx

Inisponsor ang isyu na ito ng DEKRA
http://www.dekra-process-safety.com/

**Messages for Manufacturing Personnel**

# Mga Pahintulot sa Trabaho - Maunawaan ang Saklaw ng Trabaho

**Hunyo 2018**




Mga larawan mula sa US Chemical Safety Board Video- http://www.csb.gov/videos/hazards-of-nitrogen-asphyxiation/

Isang trabahante ng kontratista para sa pagpananatili ay naghahanda na magkabit ng isang seksyon ng tubo sa tuktok ng isang sisidlan sa isang langis pagdalisayan ng petrolyo (1,2). Ang pahintulot sa gagawin (3) ay ibinigay para sa trabaho, na may inaasahan na hindi kailangan ang pagpasok sa nakakulong na espasyo. Ang saklaw ng trabaho ay para lamang ikabit ang seksyon ng tubo. Ang pahintulot ay nagpapahiwatig na ang "Purgahin ng Nitroheno o Inerted" ay N/A (Hindi Naaangkop) bagaman ang sisidlan ay nilinis ng nitroheno (4).

Napansin ng mga manggagawa na isang rolyo ng teyp ay naiwan sa loob ng sisidlan (5) at nagpasyang subukan na tanggalin ito bago ikabit ang tubo (6). Hindi nila maalis ang teyp gamit ang isang mahabang kawad. Sa puntong ito, sinikap ng isang manggagawa na lumapit upang alisin ang teyp at siya ay nagapi ng kulang sa oksiheno na kapaligiran malapit sa bukana at nahulog sa loob ng sisidlan. Posible rin na maaaring siya ay umakyat sa sisidlan upang alisin ang teyp, at planong mabilis na umakyat pabalik. Ang manggagawa ay bumagsak sa loob ng sisidlan, at, mas lumala ang trahedya, ng ang isang ka-trabaho ang pumasok sa sisidlan para sagipin siya at bumagsak din sa halos dalisay na kapaligiran ng nitroheno. Parehong manggagawa ang namatay dahil sa pagkasipsip ng nitroheno.

Ang insidente na ito ay tinalakay sa iba pang mga Beacons - Hunyo 2012 tungkol sa mga panganib ng nitroheno, at Abril 2015 sa kahalagahan ng mga pamamaraan ng pahintulot sa trabaho. Ngunit may isa pang aralin - ang kahalagahan ng pagkilala ng pagbabago sa saklaw ng trabaho para sa anumang trabaho na nangangailangan ng permiso sa gagawin. Ang pagbabago ay maaaring magpakilala ng mga karagdagang panganib na nangangailangan ng mga karagdagang pananggalang.

## Alam mo ba?

- Ang permiso ng trabaho ay hindi nagbababala sa manggagawa ng pagpapanatili tungkol sa paglilinis ng nitroheno.
- Ng magpasya ang mangagawang tagapagpanatili na alisin ang rolyo ng teyp sa laong madaling panahon sa pamamagitan ng pag-abot sa daluyan, ang saklaw ng trabaho ay nagbago. Ang orihinal na permiso ay hindi isinasaalang-alang ang pangangailangan upang alisin ang anumang bagay mula sa loob ng sisidlan. Ang isang bagong permiso ay dapat na ibinigay, isinasaalang-alang ang potensyal na pagpasok sa nakakulong na espasyo upang alisin ang teyp.
- Sa kasong ito, kinakailangan ang isang permiso sa pagpasok ng nakakulong na espasyo, kahit na para sa isang tao na maabot ang sisidlan upang alisin ang teyp. Kapag ang anumang bahagi ng katawan ng isang tao nakapasok sa puwang na sapat ang laki upang payagan ang buong pagpasok, isang permiso para sa nakakulong na espasyo ay kinakailangan. Ito ang posisyon ng US OSHA at iba pang mga awtoridad.

## Ano ang puwede mong gawin?

- Kung nag-isyu ka ng permiso ng trabaho, tiyaking:
  - Ang mga panganib ay nakilala at ipinaliwanag sa mga taong gumagawa ng trabaho.
  - Ang mga kinakailangang pamamaraan sa kaligtasan ay tinukoy at nauunawaan.
  - Mayroong kagamitang pang-personal na proteksiyon at ginagamit.
  - Ang mga taong gumagawa ng trabaho ay malinaw na nauunawaan ang saklaw ng trabaho, at ang pangangailangan na ***huminto sa trabaho at makipag-ugnay sa iyo bago gawin ang anumang bagay na hindi kasama sa unang saklaw ng trabaho.***
- Kung nagtatrabaho ka sa isang gawain na nangangailangan ng permiso sa trabaho:
  - Unawain ang mga panganib, mga pamamaraan sa kaligtasan, at mga kagamitan sa proteksiyon.
  - Unawain ang saklaw ng trabaho.
  - Habang ginagawa mo ang trabaho, tiyakin ang bawat hakbang na makilala mo ang anumang pagbabago sa saklaw ng trabaho. ***Itigil ang trabaho at kumunsulta sa taong nagbigay ng pahintulot bago mo gawin ang anumang bagay na hindi kasama sa unang saklaw ng trabaho!***
  - Kung hindi ka sigurado kung nagbago ang saklaw ng trabaho, itigil at tanungin ang taong nagbigay ng pahintulot.

***Kilalanin ang pagbabago sa saklaw ng trabaho para sa isang pinahihintulutang gawain!***

©AIChE 2018. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Pagpaparami na hindi komersyal, layuning pang-edukasyon ay hinihikayat. Gayunpaman, ang pagpaparami pang komersyal na walang nakasulat na pahintulot galing AIChE ay mahigpit na ipinagbabawal. Makipagugnayan sa amin sa ccps_beacon@aiche.org or 646-495-1371.

**Ang Beacon ay karaniwang handa o nakalimbag sa Aleman, Aprikaans, Arabe, Danish, Espanyol, Filipino, Griyego, Gujarati, Hebrew, Hindi, Italyano, Hapon, Ingles, Katalan, Koreano, Malay, Marathi, Mongolian, Norwegian, Olandes, Persyano (Farsi), Polish, Portuges, Pranses, Rumano, Ruso, Suweko, Telugu, Thai, Tsek, Tsino, Turko, and Vietnamese.**